タガログ語/Tagalog

hospital

Ahensiya ng HIC sa Paghahanap ng Boluntaryong Medikal na Tagasalin

HIC 医療通訳ボランティア派遣事業

- [Gusto kong magpatingin sa doctor sa hospital dahil hindi maganda ang aking pakiramdam ngunit hindi ako nakakaintindi ng wikang Hapon.]
- [Gusto ko magkaroon ng tagasalin kapag nagpatingin sa ospital, ngunit wala akong mapaki-suapan.]

Para sa mga taong galing sa ibang bansa na nakatira sa loob ng prefecture, na dahil walang kakayahan sa wikang Hapon ay hindi nakapagpapatingin ng sapat sa mga hospital, ang Hiroshima International Center (HIC)ay naghahanap ng mga boluntaryong medikal na tagasalin.

Ukol sa paggamit

① Sino ang maaaring gumamit nito?

➠• Mga taong galing sa ibang bansa na nakatira sa loob ng prefecture na hindi sanay sa wikang Hapon.

② May bayad ba?

➠• Hanggang Marso 3, 2023 ,ang prinsipyo para sa boluntaryong tagasalin ay babayaran lahat ng HIC.

③ Ano ang mga wikang sinasalin?

➠• Ang wikang Ingles, Intsik, Vietnam, Tagalog at Portugal ,Espanyol.

④ Magagamit ba ito kahit saang ospital?

➠• Ang hospital lamang na magpapasa sa HIC ng aplikasyon sa pagpapahanap ng boluntaryong tagasalin ang makakagamit ng serbisyo. Ang ibang hospital ay hindi makakagamit.

⑤ Paano ito magagamit ?

➠• Magtanong lamang sa reception desk ng hospital na balak magpatingin o sa manggagamot. Kapag napasiyahan ng ospital na kailangan maghanap ng tagasalin, hihiling ang hospital sa HIC.

• Hindi makakahiling sa HIC ang ibang tao maliban sa hospital.

⑥ Ang isang tagapagsalin ba ay ipinapadala kapag hiniling?

➠• May kasong hindi makakahanap dahil sa kalagayan ng sitwasyon ng boluntaryo.

⑦ Sa anong sitwasyon ang kanilang isasalin?

➠• Lahat ng mga bagay na kailangang maintindihan sa hospital tulad ng sinasabi sa reception, habang nagpapatingin, sa mga pagsusuri, sa pagbabayad, atbp.

⑧ Anong uri ng tao ang mga boluntaryong medikal na tagapagsalin?

➠• Sila ay nakapagsanay sa medikal na pagsasalin at magsasalin ng wasto. Pangangalagaan ang inyong mga nais ilihim. Maliban sa pagsasalin na hihilingin ng ospital hindi sila gagawa ng iba pang bagay.

Daloy ng paraan sa paghahanap ng tagasalin

Hospital

- Papasiyahan ng hospital na kailangan ang tagasalin
- Sasang-ayon din ang pasyente na maghanap ng tagasalin
- Itatakda ang araw, oras, atbp, na kailangan ang tagasalin

Pasyente　Manggagamot

①Paghiling →

← ③Pasiya kung maghahanap

HIC

②Pagsaayos ng ipapadalang tao ↓

← ④Tagasalin

Boluntaryong Medikal na Tagapagsalin

Mapagtatanungan

Hiroshima International Center (HIC)
公益財団法人　ひろしま国際センター
6F Hiroshima Crystal Plaza, 8-18 Nakamachi, Naka-ku, Lungsod ng Hiroshima 730-0037
Telepono: 082-541-3777　E-mail: hic-medic@hiroshima-ic.or.jp